Hamon ng Pandemya sa Pagbabalik Eskwela

Abigail B. Bautista

Malaki ang naging pagbabago sa sektor ng edukasyon sa bansa nang idineklara ng World Health Organization na isang pandemya na nga ang COVID-19. Maraming nagbago sa buhay ng tao sa buong mundo. Hindi nakaligtas sa bagsik ng pandemya ang mga empleyado, mga negosyo, at higit sa lahat, ang edukasyon. Upang maiwasan ang pagkalat ng karamdaman, minabuti ng dating pangulo na si Rodrigo Duterte na itigil pansamantala ang mga klase sa lahat ng antas sa publiko at pribadong paaralan sa bisa ng Proklamasyon Blg. 922. Dahil dito, dalawang taon ang naging pagsubok ng marami sa mga guro at mag-aaral dahil sa hindi pamilyar sa kanila ang bagong pamamaraan ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng *online class* at *modular learning* ay naitawid ng sektor ng edukasyon ang pagpapatuloy na pagbibigay ng karunungan sa mga mag-aaral.

Sa kasalakuyang panahon, marami na rin ang nabakunahan. Ayon sa datos ng tagapagsalita na si Michael Poa ng Kagawaran ng Edukasyon, nasa dalawampung porsiyento o 20 percent na ang bakunadong mag-aaral laban sa COVID-19 at maaari pa itong tumaas sapagkat tuloy pa rin ang programang pagbabakuna sa buong bansa. Patuloy na rin ang pagiging normal ng paligid, marami na ang lumalabas, at maaari na rin ang mga empleyado na pumasok ang mga empleyado sa kani-kanilang mga opisina. Idineklara ni Education Deputy Officer at Vice President Sara Duterte ang malawakang pagbubukas ng paaralan pampubliko at pribado. Marami ang natuwa at nasabik higit na ang mga kabataan na nais pumasok sa kanilang paaralan at upang muling makakita ng kapwa mag-aaral sa muling pagbubukas ng klase. Marami ring suliranin ang nakita sa pagbubukas ng klase kagaya na lamang ng kawalan ng mga

silid aralan para sa bilang ng mag-aaral na pumapasok. Nagkaroon din ng kakulangan sa mga kagamitan katulad ng upuan, kagamitang panturo, at mga aklat. Hindi biro ang ganitong suliranin at dapat na mabigyan ito kaagad ng aksyon ng gobyerno.

Lahat ng mga suliranin ay hindi mawawala ng iisang iglap kaya mas mabuti na tignan ang lahat ng bagay sa positibong pananaw. Bagaman mayroong pagkukulang sa mga silid aralan at maging sa mga kagamitan ng paaralan, hindi mapapantayan ang pagsisikap na ginagawa ng mga guro at iba pang mga kawani sa paaralan pagdating sa paggawa ng paraan upang matulungan ang kanilang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Lumalabas ang pagiging pagkamalikhain at madiskarte ng mga guro upang kahit na mayroong pagkukulang ay matugunan pa rin nila ang pangangailangan ng kanilang mag-aaral. Ang kalidad na kaalaman na kailangan ng mag-aaral na magagamit nila pagdating ng panahon. Hindi man batid ng karamihan ay marami ring sakripisyo ang mga guro para lamang matugunan nila ang kanilang tungkulin bilang isang tagapagturo. Dumarating sa punto na sila rin ay gumagastos at nag-aambag sa mga bagay na kulang sa kanilang pagtuturo. Bukod pa roon, handa sila at batid nila ang kanilang kailangang gawin bilang pangalawang magulang ng mga bata habang sila'y nasa paaralan. Bago pa lamang magsimula ang muling pagbubukas ng paaralan ay itinuturo at binigyang gabay sila ng gobyerno sa mga dapat nilang gawin upang maprotektahan ang kanilang mga mag-aaral hindi lamang pagdating sa akademiko kundi maging sa banta ng pandemya. Marami man ang kakulangan ay pinupunan naman ito ng pagmamahal, pagkalinga at pag aaruga ng mga mga guro upang kahit may pagkukulang na materyal ay may kapalit naman ang mga ito na higit pa sa mga bagay.

Hindi dapat tignan sa isang negatibong desisyon ng mga magulang o ng mga Pilipino ang muling pagbubukas ng klase. Bagama't nagkakaroon ng suliranin at pagsubok ang bawat paaralan sa malaking pagbabago na kanilang kinakaharap bunga ng pandemya, ay hindi naman ibig sabihin na dapat ay mawalan ang mga magulang ng tiwala sa kanilang magagawa pagkatapos ng lahat. Ang mga guro at kawani pa rin sa paaralan ang nakakaalam ng mga bagay at konsepto na makakatulong sa mga mag-aaral na lalong pagbutihin nila ang kanilang pag-aaral. Hindi rin masama na patuloy na magbigay ng pag-iingat sa mga anak dahil kasalukuyan pa ring may pandemya. Kaya naman sa halip na magreklamo at magrebelde sa gobyerno ay mas mabuting gumawa ng paraan upang lalong mas mapag-ingat ang mga mag-aaral sa pagpasok sa paaralan kagaya ng ginagawang pagsisikap ng mga guro sa kabila ng mga pagsubok sa kanila bilang isang guro at bilang sang Pilipino.

Ang pagbubukas ng klase para mag-aaral sa taong ito ay isang aral para sa mga mamamayang Pilipino at sa gobyerno. Tunay na ang susi sa kapayapaan at kaginhawaan ng buhay ay ang pagkakaisa ng bawat tao anuman ang posisiyon nila sa kanilang buhay. Kung ang gobyerno ay patuloy na kikilos upang matugunan ang mga suliranin habang ang mga guro ay may kakayahan at pursigidong gawan ng paraan ang iba't ibang kakulangan, siguradong magkakaroon ng maayos at kalidad na edukasyon ang bawat kabataang Pilipino. Kung ang mga Pilipino naman ay makikinig at tutulong ay lalong mas gagaan ang pag-aaral ng mga bata sa muling pagbukas ng paaralan. Isa sa naging aral ng pandemya na dumapo sa bansa ay ang pagpapatuloy sa hamon ng buhay sa kabila ng pagsubok ay sama-sama at patuloy ang pagtutulungan tungo sa isang magandang kinabukasan lalo na sa mga kabataan ng bayan.